

Mga Oportunidad para sa Paglahok at Mungkahi ng Publiko *(ipinagpatuloy)*

Naghanda at Namahagi ng Final na SEIS/SEIR (Winter 2017–Winter 2018)

Ang ginawa ng VTA:

- Naghanda ng mga sagot sa mga komento sa Draft na SEIS/SEIRna kasama sa sa Final na SEIS/SEIR.
- Ipinalabas ang Final na SEIS/SEIR noong Pebrero 2018.

Ano ang maaaring gawin ng publiko:

Basahin ang Final na SEIS/SEIR at magbigay ng komento sa Lupon ng mga Direktor ng VTA at/o sa FTA para ikonsidera ito bago ang pag-aproba sa proyekto.

Ang Aprubasyon sa Proyekto ng VTA (Spring 2018)

Ano ang gagawin ng VTA:

- Ipakita ang mga natuklasan sa Final na SEIS/SEIR sa Lupon ng Mga Direktor ng VTA na magkokonsidera sa pagbibigay ng sertipikasyon ng SEIR at pag-a-aproba sa proyekto, kasama na ang pagpipili sa Downtown San Jose at Diridon Station na mga lokasyon at pati na rin ang paraan ng paggawa ng tunnel sa Abril 2018.

Ano ang maaaring gawin ng publiko:

- ADumalo sa pagpupulong ng Lupon ng Mga Direktor ng VTA sa Aril 5, 2018.
- Magbigay ng mga nakasulat na komento sa pagpupulong at/o magbigay ng verbal na mga komento sa pagpupulong sa Abril 5, 2018.

Aprubasyon ng Proyekto ng FTA (Summer 2018)

Ano ang gagawin ng FTA:

- Ikokonsidera ang proyekto at ang mga epektong pangkapaligiran at ikokonsidera ang pag-bago sa 2010 Record of Decision
- (ROD) sa Summer ng 2017. Natimbang na ang proyektong 16-milya, 6-istasyon sa Draft na EIS ng 2009 ngunit inilabas ng FTA ang ROD para sa isang proyektong 10-milya, 2-istasyon. Ikokonsidera ngayon ng FTA ang pag-aproba sa natitira pang 6 milya at 4 na istasyon.

Mahalagang Mga Petsa:

Mga Publikong Pagpupulong tungkol sa Draft na SEIS/SEIR SEIS/SEIR
Winter 2017

Pagpupulong ng Lupon ng mga Direktor ng VTA

Tutukuyin ng Lupon ang pinal na proyekto para hanapan ng pagpopondong federal
Abril 2018



Kasama sa fact sheet na ito ang impormasyon kaugnay ng pagsusuring pangkapaligiran para sa BART Silicon Valley Phase II Extension Project ng VTA at nagbuod ng mga oportunidad para makakuha ng impormasyon ang publiko, makipag-usap, at makapagbigay ng mahalagang puna.

Malawakang Pananaw ng Phase II

Ang Bay Area Rapid Transit (BART) Silicon Valley Program ng VTA ay proyektong aprobado ng botante at panrehiyong transportasyon na planong paabutin ang BART mula katimugang Fremont sa Alameda County at dadaan sa mga siyudad ng Milpitas, San Jose, at Santa Clara sa Santa Clara County. Kapag natapos, pagdurugtugin ng proyektong ang malaking kulang sa sistemang riles sa rehiyon at magbibigay ng koneksiyon sa tren para sa mga pasahero sa tatlong sentrong metropolitan sa rehiyon: San Jose, San Francisco, and Oakland.

Ang Bay Area Rapid Transit (BART) Silicon Valley Program ng VTA ay ginagawa nang yugto-yugto. Kasalukuyang ginagawa ang Berryessa Extension Project (Phase I) at binabalak na magbukas ito sa 2018. Kasama sa Phase II Extension Project (Phase II) ang 5-milyang subway tunnel sa downtown San Jose at paaabutin ang sistemang BART mula sa gagawin pa lamang na Phase I terminus nang mga anim na milya. Iminumungkahi ang apat na istasyon para sa Phase II: Alum Rock/28th Street, Downtown San Jose, Diridon, at Santa Clara.

Nakakuha ang VTA ng California Environmental Quality Act (CEQA) clearance (kahilingan ayon sa state law) noong 2004 at noong 2007 para sa buong 16-milya, na anim na istasyon ng BART Silicon Valley Program. Kasunod ng mga CEQA clearance noong 2004

at 2007, at ng rekomendasyon ng Federal Transit Administration (FTA), nagdesisyon ang VTA na gawin ang proyekto nang yugto-yugto. Pumasok ang FTA sa New Starts grant funding program noong 2009 at nakatanggap ng National Environmental Policy Act (NEPA) clearance (kahingian ng batas federal) noong 2010, at CEQA clearance sa taong 2011, para sa Phase I. Ang New Starts program ng FTA ay ang pangunahing pinagdedesisyunang rekursong pampinansiya ng pamahalaang federal para sa pagsuporta sa mga pangunahing transit na proyektong imprastruktura. Isinagawa noong 2012 ang isang FTA New Starts na kasunduan sa pagpopondo para sa Phase I.

Ang Phase II na BART Silicon Valley Program ng VTA ay nangangailangan ng aprobadong Supplemental Environmental Impact Statement/Subsequent Environmental Impact Report (SEIS/SEIR) para maging karapat-dapat sa pagpopondong federal at state. Gagawa ng pinagsamang SEIS/SEIR para masuri at masang-ayunan sa usaping pangkapaligiran ang proyektong Phase II.



Makipag-ugnayan sa amin:

Email: vtbart@vta.org Mail: 1436 California Circle, Milpitas, CA 95035 Facebook: www.facebook.com/bartsv
Phone: (408) 934-2662 Web: www.vta.org/bart Twitter: @bartsv



Bakit isang SEIS/SEIR?

tinatakda ng NEPA at CEQA sa mga ahensiya ng gobyerno na tukuyin ang masasamang epekto sa kapaligiran kaugnay ng isang proyekto at para maiwasan, mabawasan, o lunasan itong masasamang epekto.

- Paghahanda ng isang Supplemental EIS (SEIS) para sa NEPA ay kinakailangan para makatanggap ng pondong federal, at kailangan ang paghahanda ng isang Subsequent EIR (SEIR) para sa CEQA para maaprobahan kaugnay ng mga pangkapaligirang usapin ang Phase II Project.
- Bagamat nakuha na noong 2004 at 2007 ang mga clearance na pangkapaligiran mula sa state para sa isang proyektong 16-milya, 6-istasyon, nagdesisyon ang VTA na gawin nang yugto-yugto ang proyekto, at noong 2011, nabigyan ng clearance ang konstruksiyon ng isang 10-milya, 2-istasyon na proyekto, tinatawag ngayong Phase I. Ang balangkas ng dokumentong federal na pangkapaligiran ay inilabas noong 2009 na tumugon din sa isang 10-milya, 2-istasyon na proyekto. Ang

FTA aynag-apruba sa 10-milya, 2-istasyon na proyekto noong 2010. Hindi nabigyan ng clearance na federal at pangkapaligiran ang natitira pang 6-milyang alignment, pati na ang mga 4-istasyon. Ang pagsusunod-sa-panahon sa natitira pang 6 milya, tinatawag na Phase II, ay kailangan kapwa sa ilalim ng CEQA at NEPA dahil sa kondisyon ng binagong karanasan, mga binagong batas at regulasyon, at mga pagbabago sa proyekto. Kaya, dahil sa mga pagbabagong ito, ihahanda ang pinagsamang SEIS/SEIR.

- Gagawin ng pinagsamang pangkapaligirang dokumento ang:
 - Tumitiyak sa impormasyon tungkol sa proyekto.
 - Tukuyin ang mga potensiyal na epekto ng konstruksiyon at operasyon ng proyekto.
 - Gumawa ng mga hakbang para maiwasan, mabawasan, at malunasan ang mga masamang epekto.
 - Ipahayag ang mga epekto ng proyekto, mga lunas, at mga komento at tugon ng publiko.

Opportunities for Public Participation and Input


Scoping (Natapos Nang Unang Bahagi ng 2015)

Ano iyon:

- Ang unang hakbang sa bukas na proseso ang pagtatakda sa scope (sakop) ng mga isyung tutugunan at para sa pagtukoy sa mahahalagang isyung kaugnay ng mungkahing proyekto.
- Nagsimula ang yugto ng public scoping noong Enero 30, 2015 at natapos noong Marso 2, 2015. Itinala ng VTA at isinama ang lahat ng komento sa Scoping Report, na makikita ng publiko sa web site.

Ang ginawa ng VTA:

- Gumawa at nagpakita ng mga alternatibo at opsiyon sa proyekto.
- Nagsagawa ng mga publikong pagpupulong sa scoping.
- Ipinalaganap ang mga pagpupulong gamit ang koreo, email, patalastas sa diyaryo, at media.



Mga Oportunidad para sa Paglahok at Mungkahi ng Publiko

(ipinagpatuloy)

Ano ang ginawa ng publiko sa panahon ng scoping:

- Dumalo sa mga publikong pagpupulong sa scoping para malaman ang tungkol sa proyekto – tatlong pagpupulong ang isinagawa noong Pebrero 2015 sa kapitbahayan sa Alum Rock, downtown San Jose, at sa Santa Clara.
- Nagbigay ng mungkahi sa dapat pag-aralan sa Draft na SEIS/SEIR.
- Nirepaso at kinomentaryuhan ang scope at pokus ng pagsusuring pangkapaligiran gamit ang email, o sa mga pagpupulong para sa scoping. Nakatanggap ang VTA ng mahigit sa 350 mga komento..

Naghanda ng Draft SEIS/SEIR (Spring 2015-Fall 2016)

Ang ginawa ng VTA:

- Ihanda ang mga pag-aaral na teknikal at Draft na SEIS/SEIR.
- Suriin ang mga epekto ng proyekto at timbangin ang mga alternatibo at opsiyon.
- Tukuyin ang mga hakbang na panlunas batay sa mga potensiyal na epekto at kasalukuyang mungkahi ng komunidad.

Ano ang ginawa ng publiko:

- Dumalo at nakipag-ugnay sa mga workshop tungkol sa mga Estratehiya ng BART Phase II Funding noong winter 2016.

Publikong Repaso at Komento sa Draft SEIS/SEIR (Winter 2017)

Ang ginawa ng VTA:

- Ipinamigay ang Draft na SEIS/SEIR.
- Pinamunuan ang mga publikong pagpupulong para ipakita ang mga resulta ng mga pagsusuri at tanggapin ang mga komento sa Draft na SEIS/SEIR.

Ano ang ginawa ng publiko:

- Dumalo sa mga publikong pagpupulong para makapagbigay ng mga pormal na komento tungkol sa proyekto bilang bahagi ng prosesong pangkapaligiran.
- Nirepaso ang Draft na SEIS/SEIR at nagbigay ng mga komento sa VTA sa pamamagitan ng mail, email, o sa mga pampublikong pagpupulong, na naganap ng higit sa 45 araw.

(continued on back)